Ebanghelyo ayon kay Mateo 18 : 19 - 20

Sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo,
“Sinasabi ko pa rin sa inyo :
kung ang dalawa sa inyo dito sa lupa
ay magkaisa sa paghingi ng anumang
bagay sa inyong panalangin,
ipagkakaloob ito sa inyo ng
Aking Amang nasa langit.
Sapagkat saan man may dalawa
o tatlong nagkakatipon dahil sa Akin,
naroon Akong kasama nila.”

Isang hapon, bandang alas 3, si Pedro at si Juan ay nagtungo sa Templo para manalangin. Isang pilay ang humingi ng salapi sa kanila.
Sabi ni Pedro sa kanya, “Wala akong pilak o ginto. Ngunit mayroon akong maibibigay sa iyo : sa ngalan ni Hesukristo na Nasareno, tumayo ka at lumakad!”

Hinawakan siya ni Pedro sa kamay at tinulungan siyang tumayo. Agad namang lumakas ang kanyang paa at siya’y nakapaglakad. Siya ay labis na nagalak, nagsimulang lumundag-lundag. Pumunta siya sa Templo at pinuri ang Diyos. (Mga Gawa 3)